

Minamahal na mga Pamilya ng ASD,

Sana'y nagkaroon kayo ng isang malusog, masaya, at 'di malilimutang Thanksgiving kasama ng mga mahal sa buhay at kaibigan.

Maingat naming sinusubaybayan ang mga bagong impormasyon mula sa ating mga opisyal ng estado at lokal na Pangkalusugan tungkol sa Omicron, ang bagong variant ng COVID-19, na may isang kaso na nakumpirma ngayon sa Estados Unidos. Sa mga panahong ito, sinabi ni Dr. Anne Zink, Chief Medical Officer ng Alaska, na walang mga kaso sa Alaska. Bilang isang resulta, walang mga bagong pagbabago sa plano sa pagpapagaan ng ASD.

Ang kasalukuyang numero ng mga kaso ay bumababa na mula sa kamakailang biglaang pagtaas tulad ng makikita sa ating [datos ng komunidad ng paaralan](#). Bagama't ito ay nakapagpapatibay na impormasyon, nananatili kami sa [High Transmission Red Category](#). Umaasa ako na ang takbo ay magpapatuloy at malapit na nating maabot ang mga antas na mababa sa 100. Kapag nangyari iyon, susuriin ko muli ang aming plano sa pagpapagaan at posibleng gumawa ng mga pagbabago. Oo-maaaring mangahulugan ito ng pagbabago sa aming utos na magsuot ng mask.

Ngayon ang pinakahuling araw ng aming COVID-19 vaccination clinics sa ASD Education Center, at magsasara ito ng 8: 00 ng gabi. Mula nang binuksan ang mga klinika noong nakaraang buwan, higit sa 3,000 na mga may sapat na gulang at mga bata ang nakatanggap ng mga bakuna sa COVID-19. Nais naming pasalamatang ang aming mga kasosyo sa Beacon OHSS sa pagtupad sa mahalagang gawain na ito. Pinasasalamatang din namin ang Alaska Public Media sa pagtulong kay Molly ng Denali na gumugol ng oras sa aming mga mag-aaral at ang mga Crisis Response Canine, na nagbigay ng kaginhawahan para sa mga mag-aaral bago at pagkatapos silang mabakunahan.

Kung ang pag-uusapan ay ang aming mga mag-aaral, magagandang bagay ang nangyayari sa aming mga silid-aralan. Itinatampok namin ang mga mag-aaral, guro, at kawani sa isang bagong kampanya na tinatawag na [#ASDShineBright](#). Mangyaring tingnan ito sa aming mga social media platform. Makakakita kayo ng lahat ng mga uri ng magagandang kwento!

Mangyaring manatiling ligtas at maginhawa ang pakiramdam.

Cheers,
Deena Bishop, Ed.D.
Superintendente

[Link to the English version](#)